JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Husaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 6

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 4
## Pagsunod sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan Tungkol sa Pangangalaga sa Kapaligiran



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



## Alamin

Magandang buhay, mag-aaral!

May mga natatanging batas pambansa at pandaigdigan tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran na umiiral at dapat nating sundin bilang mga Pilipino.

Bilang isang responsableng batang mamamayang tulad mo, dapat mo itong malaman upang sa ganoon ay iyong maipapakita nang buong puso ang iyong pagmamahal sa ating inang kalikasan. Ito ay isa sa iyong tungkulin bilang isang bata.

Sa modyul na ito, inaasahan na maipapakita mo ang tapat na pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran (**EsP6-IIIf-37**).



## Subukin

Bilang isang panimulang gawain, simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtugon sa hinihingi sa bahaging ito. Isulat sa patlang bago ang bilang ang **TAMA** kung ang pangungusap ay isang wastong pagpapahayag, at **MALI** kung hindi naman.

_____ 1. Mahigit na ipinagbabawal ang pagpuputol ng mga punongkahoy kung walang patnugot mula sa kinauukulan.

_____ 2. Isang malugod na gawain ang pagsusunog ng basura.

_____ 3. Tama lang na gagamit tayo ng dinamita sa pangingisda para mas marami ang kuha at kita.

_____ 4. Ang pagtatapon ng basura kahit saan ay gawain ng isang responsableng mamamayan.

_____ 5. Kawili-wili ang taong marunong sumunod sa mga batas pambansa at pandaigdigan hinggil sa pangangalaga sa kapaligiran.

| Lesson 1 | Pagsunod sa mga Batas Pambansa at Pandaigdigan Tungkol sa Pangangalaga sa Kapaligiran |
|---|---|



## Balikan

Sa nakaraang modyul ay ating natutunghayan ang tamang pagpapahalaga sa ating pinagkukunang-yaman bilang bahagi ng ating pananagutan bilang isang mamamayan. Iguhit sa patlang bago ang bilang ang **masayang mukha** (  ) kung ang pahayag ay isang kaaya-ayang gawain at **malungkot na mukha** (  ) naman kung di-kaaya-ayang gawain.

_____1. Pagsasagawa ng 4R's (Reduce, Reuse, Recycle at Replace)

_____2. Pagkakaingin ng kagubatan

_____3. Pagtatanim ng mga punongkahoy at halaman

_____4. Pagpapanatili ng kalinisan sa kapaligiran

_____5. Pananakip at paninira ng mga luklukan ng mga hayop



## Tuklasin

Basahin ang tula sa ibaba. Tuklasin kung anong mga kayamanan mayroon ang ating bansang kinagisnan.

**Magandang Pilipinas**
(Malayang salin ni Ruby G. Alcantara ng tulang "*Beautiful Philippines*")

Magandang Pilipinas
Masagana sa lahat ang iyong lupa
Ang luntian mong pastulan
Pahingahan ng masisipag na mamamayan.

Magandang Pilipinas
Dugo ng buhay ang iyong karagatan
Ang matamis na ragasa ng iyong mga alon
Malumanay na nagduruyan sa isang lahing matapang.

Magandang Pilipinas
Namumutiktik sa mga bagay na buhay ang dagat at lupa
Malalaki at maliliit na isda, malalaki at maliliit na mga hayop
Matatamis at sariwang prutas, at mahahalagang mineral.

Magandang Pilipinas
Ang buo mong kapuluan
Masagana sa likas na yaman
Lahat kailangan ng iyong mamamayan.

Masuwerte tayo
Maging bahagi ng magandang Pilipinas
May tanging karapatan.
Mangalaga sa likas na yaman.

(Hango sa Batayang Aklat, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 6,* p. 95)

Talakayin at sagutin mo ito sa kahon na inilalaan sa ibaba:

Sa palagay mo, anu-ano ang mga magagandang bagay na matatagpuan sa Pilipinas? Maituturing mo bang mapalad tayong mga Pilipino? Bakit? (**5 puntos**)



## Suriin

Kahanga-hanga ka! Sa bahaging ito, ating matutunghayan ang mga batas pambansa tungkol sa pangangalaga sa kalikasan na naaayon naman sa batas pandaigdig. Basahin at pansinin ang mga mahahalagang detalye sa pagsalungguhit ng mga ito gamit ang iyong pluma.

**Mga Batas Pambansa Tungkol sa Pangangalaga sa Kalikasan na Naaayon sa Batas Pandaigdig**

A. **RA 7638** o "*Department of Energy Act of 1992*"

- Pagkatatag ng *Department of Energy* (DOE)
- Layunin nitong isasaayos, susubaybayan at isasakatuparan ang mga plano at programa ng pamahalaan sa eksplorasyon, pagpapaunlad at konserbasyon ng enerhiya.

B. **RA 8749** o "*Philippine Clean Air Act*"

Ang *Philippine Clean Air Act* ay naglalayong panatilihing malinis at ligtas ang hanging nilalanghap ng mga mamamayan. Layon din nito na ipagbawal ang mga gawaing nagpapadumi ng hangin. Ayon sa batas na ito, mas kailangang bigyang-pansin ang paghihinto ng mga gawain na nagpapadumi ng hangin kaysa sa pagpapalinis ng madumi na hangin. Ang batas na ito ay nagsasaad din na hindi lamang ang pamahalaan ang may katungkulan na panatilihin ang linis ng hangin, subalit pati ang mga pribadong mamamayan at mga komersyal na industriya ng bansa. Kasama sa batas na ito ang pagpaplano ng mga pangmatagalang pamamaraan upang epektibong mawaksi ang mga sanhi ng maduming hangin at maghanap ng mga paraan upang mabawasan ang polusyon sa hangin.

C. **RA 9275** o "*Philippine Clean Water Act*"

Ang batas na ito ay bilang pagkilala sa kalinisan ng tubig para sa mamamayan.

D. **RA 7586** o "*National Integrated Protected Areas System Act of 1992*"

Ang batas na ito ay naglalayong protektahan ang mga lugar na kinikilalang luklukan ng mga uri ng hayop at halaman na may kaunting bilang na lamang at nanganganib na mapuksa. Ang batas na ito ay isinakatuparan bilang pagkilala sa pangangailangang mapanatili ang balanse ng ekolohiya at

kalikasan. Ito rin ay bilang paniniguro na matatamasa pa ng susunod na henerasyon ang kagandahan ng kapaligiran, sa harap ng napakabilis na pagsulong ng modernisasyon at teknolohiya.

E. **RA 9147** o "*Wildlife Resources Conservation and Protection Act*"

Ito ay ang konserbasyon at pagbibigay proteksyon sa mga maiilap na hayop at ang kanilang habitas upang mapanatili ang *ecological diversity*. Tinutukan nito ang pagkakaroon ng regulasyon sa pangongolekta at pangangalakal ng maiilap na hayop at paglalaan ng pundo sa pananaliksik upang mapanatili ang *biological diversity* ng bansa.

F. **RA 9003** o "*Ecological Solid waste Management Act of 2000*"

Ito ang tamang pamamaraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng mga *solid wastes* sa mga barangay.

(Hango sa batayang aklat, *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 6*, p. 96)



## Pagyamanin

### Pagtatasa 1

Gawain: **Kilalanin Mong Mabuti**

Panuto: Kilalanin ang mga sumusunod na batas ayon sa seleksiyong nabasa. Piliin ang titik ng tamang kasagutan sa loob ng kahon at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

| | |
|---|---|
| **A. RA 7638** | **D. RA 7586** |
| **B. RA 8749** | **E. RA 9147** |
| **C. RA 9275** | **F. RA 9003** |

_____ 1. *Philippine Clean Air Act*

_____ 2. *Department of Energy Act of 1992*

_____ 3. *National Integrated Protected Areas System Act of 1992*


_____ 4. *Wildlife Resources Conservation and Protection Act*

_____ 5. *Ecological Solid Waste Management Act of 2000*

**Pagtatasa 2**

Gawain: **Discussion Web**

Panuto: Buuin ang mga konsepto ukol sa iyong mga sagot tungkol sa mga batas pangkalikasan na ipinapatupad ng pamahalaan at kung ano ang maidudulot sa pagsunod sa batas sa mga tao. (**10 puntos**)





## Isaisip

Sumulat ng isang repleksiyon tungkol sa ikinabubuti sa pagsunod o pagtupad ng mga batas pambansa at pandaigdig hinggil sa pangangalaga ng kalikasan. Ito ay binubuo ng lima o higit pang mga pangungusap. Ang pagbibigay ng puntos ay naaayon sa rubrik sa ibaba.

Ang Aking Repleksiyon

Rubrik sa Pagbibigay ng Puntos sa Repleksiyong Isinulat

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| 1. Nilalaman | Malinaw na naipahayag ang ideya sa isinulat na repleksiyon. Lahat ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | Hindi masyadong malinaw ngunit may punto ang pahayag sa repleksiyon. Isa o dalawa sa mga pangungusap na ginagamit ang hindi malinaw. | Malayo sa paksa ang isinulat na repleksiyon. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng repleksiyon. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat ng repleksiyon. Isa sa tatlong bahagi ng talata ang hindi naipamalas nang wasto. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng repleksiyon. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |



**Isagawa**

Gumawa ng isang **islogan** tungkol sa pagsusunod ng mga batas pambansa at pandaigdig. Gawin ito sa loob ng kahon sa ibaba. (**10 puntos**)

Ang rubrik na ito ang magiging basehan sa pagbibigay ng iskor sa iyong nabuong **islogan**.

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| 1. Nilalaman | Malinaw na naipahayag ang ideya sa isinulat na sa islogan. | Hindi masyadong malinaw ngunit may punto ang pahayag sa islogan. | Malayo sa paksa ang isinagawang islogan. |
| 2. Disenyo at Kulay | Mahusay ang pagkadisenyo at pagkulay. Magandang tingnan ang gawain. | Maayos ang pagkadisenyo at pagkulay. Medyo di-masyadong magandang tingnan. | Hindi maayos ang pagkakagawa at kulang sa kasanayan sa pagkulay. |



# Tayahin

A. Pansinin ang mga sinalungguhitang batas pambansa sa bawat aytem. Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay makatotohanan. Kung **MALI** naman, **palitan** ng tamang bilang ng batas pambansa upang maging tama ang pahayag.

__________ 1. Ang **RA 9275** ay tinatawag na *Philippine Clean Water Act.*

__________ 2. Ang tamang paraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng mga *solid wastes* sa mga barangay ay napapaloob sa **RA 9003**.

__________ 3. Ang **RA 7586** ay naglalayong panatilihing malinis at ligtas ang hanging nilalanghap ng mga mamamayan sa buong bansang Pilipinas.

__________ 4. Ang **RA 7638** ay tinatawag ding *National Integrated Protected Areas System Act of 1992.*

__________ 5. Ang konserbasyon at pagbibigay proteksyon sa mga maiilap na hayop ay binigyang pansin ng **RA 9147**.

B. Basahin ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ito sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** napapaloob sa RA 7638?

A. eksplorasyon ng enerhiya

B. pagpapaunlad ng enerhiya

C. pagsusunog ng enerhiya

D. konserbasyon ng enerhiya

_____ 2. May batas na naglalayon sa pagkilala sa kalinisan ng tubig para sa mga mamamayan. Anong batas ito?

A. RA 9275

B. RA 9003

C. RA 7586

D. RA 9147

_____ 3. Labag sa anong batas pambansa ang pagkakaingin at pagsisira ng mga lugar na kinikilalang luklukan ng mga *endangered species* ng hayop at halaman?

A. RA 9275

B. RA 9003

C. RA 7586

D. RA 9147

____ 4. Paano mo masusuportahan ang RA 9003?

A. sa pagtatanim ng mga punongkahoy at halaman

B. sa pagsasagawa ng *4Rs* sa paghihiwalay sa mga basura

C. sa pag-iiwas sa paggamit ng *chloroflourocarbons* (CFCs)

D. sa pag-iwas sa pangongolekta at pangangalakal ng maiilap na mga hayop

_____ 5. Bakit kailangan nating sundin ang mga ipinapatupad na mga batas hinggil sa pangangalaga ng ating kalikasan?

A. upang mapapabilang tayo sa mga sikat

B. upang maipagmamalaki tayo sa kinauukulan

C. upang mapapanatili natin ang katiwasayan ng kalikasan na siyang nagbibigay ng buhay sa atin

D. upang magkakaroon tayo ng lakas na loob na magalit sa ibang hindi sumusunod sa umiiral na mga batas



## Karagdagang Gawain

Gumupit ng isang larawan tungkol sa wastong pangangalaga sa mga likas na yaman ng bansa. Idikit ito sa loob ng kahon sa susunod na pahina. Sa ibaba ng napiling larawan, sumulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa larawan. Ang pagbibigay ng puntos ay naaayon sa rubrik sa sunod na pahina. (**15 puntos**)

Ang Wastong Pangangalaga sa Likas na Yaman

Rubrik sa Pagbibigay ng Puntos sa Gawain

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| 1. Larawan | Mahusay ang pagkakapili ng larawan at akmang-akma sa gawain sa pagsusunod ng batas pambansa at pandaigdig. | Maayos ang pagkapili ng larawan, kaya lang hindi ito naidikit nang mabuti. | Malayo sa paksa ang napiling larawan. |
| 2. Nilalaman ng Pagpapaliwanag ng Larawang Napili | Malinaw na naipahayag ang ideya sa isinulat na paliwanag sa larawan. Lahat ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | Hindi masyadong malinaw ngunit may punto ang pahayag sa paliwanag ng larawan. 1-2 sa mga pangungusap na ginagamit ang hindi malinaw. | Malayo sa ipinakita sa larawan ang isinulat na paliwanag. |
| 3. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng paliwanag. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. | Maayos ang pagkakasulat ng paliwanag ngunit medyo kulang lang sa ideya ang pahayag. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng paliwanag. Malayong – malayo ito sa ipinapakita sa larawan. |

## Gabay sa Pagwawasto

**Subukin**

1. TAMA
2. MALI
3. MALI
4. MALI
5. TAMA

**Balikan**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Pagyamanin**

**Pagtatasa 1**

1. B
2. A
3. D
4. E
5. F

**Pagyamanin**

**Pagtatasa 2** (Pumili lang ng lima sa anim na batas pambansa na maaaring isagot ng bata.)

| Batas | Naidudulot sa Pagsunod ng Batas |
|---|---|
| 1. RA 7638 | - eksplorasyon, pagpapaunlad at konserbasyon ng enerhiya |
| 2. RA 8749 | - malinis na hanging nilalanghap sa mamamayan |
| 3. RA 9275 | - malinis na tubig para sa mamamayan |
| 4. RA 7586 | - protektadong kinikilalang luklukan ng mga hayop at halaman |
| 5. RA 9147 | - pagpreserba sa mga maiilap na mga hayop |
| 6. RA 9003 | - wastong pangongolekta at pagbubukod-bukod ng mga solid wastes sa mga barangay |

**Tayahin**

| A | B |
|---|---|
| 1. TAMA | 1. C |
| 2. TAMA | 2. A |
| 3. RA 8749 | 3. C |
| 4. RA 7586 | 4. B |
| 5. TAMA | 5. C |

**Sanggunian**


Batayang Aklat

Ylarde at Peralta "*Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 6*", 2016, 94-99



**Bumuo sa Pagsulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | **Junbert B. Pangasian**<br>*Teacher – II,* Balangasan Central Elementary School<br>Kanlurang Distrito, Sangay ng Pagadian |
| Tagasuri: | **Metushela Ubas – Salac**<br>*Master Teacher – I,* Dumagoc Elementary School<br>Timog na Distrito, Sangay ng Pagadian |
| Patnugot: | **Jovita A. Dugenia**, *Values Education Supervisor* |
| Tagapamahala: | **Danny V. Cordova, EdD, CESE**, *OIC – SDS*<br>**Maria Colleen L. Emoricha, EdD, CESE**, *OIC – ASDS*<br>**Matt Ranillo O. Singson, EdD**, *OIC – ASDS*<br>**Isagani B. Cabahug**, *SGOD Chief*<br>**Ma. Diosa Z. Peralta**, *CID Chief*<br>**Ma. Madelene P. Mituda**, *LR Supervisor* |

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.